

Mga Hakbang sa Pagpigil ng Paglaganap ng COVID-19 sa Nagano Prefecture Kaugnay sa Deklarasyon ng State of Emergency

Abril 17, 2020

COVID-19 Nagano Prefecture
Infection Control Headquarters

Ang mismong prepektura ay lubusang nakapokus sa pagpigil ng paglaganap ng COVID-19 kaya ang pamahalaan ng Nagano Prefecture ay naglabas ng deklarasyon ng babala sa higit na pag-iingat laban sa COVID-19 lalo na sa mga lugar na sakop ng Nagano at Matsumoto pagkatapos na magkaroon ng deklarasyon ng state of emergency sa mga prepektura ng Japan.

Ang mga hakbang laban sa pagpigil ng paglaganap ng COVID-19 sa buong bansa ay ang sumusunod:

- Iwasan ang pagkakaroon ng “cluster” sa bawat lugar at pagkakaroon ng contact sa ibang tao upang mapigil ang paglaganap ng impeksiyon
- Higit na pagsisikap na mabawasan ang lumalalang sitwasyon ng pasyente at bilang ng namamatay
- Pigilin ang epekto nito sa lipunan at sa ekonomiya

Kaugnay nito, hinihiling sa lahat ng prepektura na pag-ibayuhin ang pagkontrol ng COVID-19.

Patuloy ang paglaganap ng COVID-19 sa loob mismo ng prepektura dala ng pagdaloy ng tao mula sa mga lugar na marami ang impektado ng sakit. Posibleng lumala ang sitwasyon lalo na sa mga medikal na pasilidad kung hindi maaagapan ang pagpigil ng pagdaloy ng tao sa prepektura ngayong darating na Golden Week. Kailangan ang puspusang pagsisikap na pigilin ang patuloy na pagdaloy ng tao hindi lamang sa loob ng prepektura kundi pati na sa buong bansa.

Kaugnay nito, maliban sa dating kahilingan na gawin ang ilang bagay upang mapigil ng paglaganap ng sakit sa loob ng prepektura, may ilang karagdagang kahilingan na gawin ang mga sumusunod na bagay hanggang sa Mayo 6, lalo na sa mga lugar na mataas ang bilang ng mga impektado ng sakit at sakop ng babala para sa higit na pag-iingat na mapigil ang paglaganap ng COVID-19 sa loob ng prepektura.

Maliban sa dating panawagan sa mga residente at mga negosyante na huwag pumunta sa mga distrito na mataas ang bilang ng mga impektado ng sakit, hangga't possible umiwas sa pakikipagkita o pakikisalamuha sa ibang tao, makiisa sa pagpigil ng paglaganap nito sa mga medikal na pasilidad, at umiwas sa pagpunta sa mga lugar na mataas ang posibilidad na laganap ang sakit. Dagdag dito, may mas mahigpit na hiling upang maprotektahan ang sarili, at ang mga mahal sa buhay. Inaasahan ang inyong pang-unawa at pakikipagtulungan.

Ipinapakiusap sa mga residente ng prepektura ang buong pakikiisa sa pagharap sa hamong ito.

1 Para sa mga mamamayan ng prepektura

(Pakiusap para sa lubusang kooperasyon na huwag lumabas ng bahay)

- Tunguhin ang 80 porsiyentong pagbaba ng bilang ng pakikipagkita o pakikisalamuha sa ibang tao maliban sa kung may importanteng mga transakyon sa labas may kinalaman sa pagmantina ng pamumuhay tulad ng sumusunod:

(Regular check-up sa ospital, pamimili ng mga kailangan tulad ng pagkain, pagpunta sa trabaho kung hindi maiiwasan, paglalakad o pag-jogging para mapanatili ang isang malusog na pangangatawan.)

「Ang pananatili sa loob ng bahay」 ay isang pinakamabuting paraan upang maprotektahan ang sarili at ang mga mahal sa buhay. Alagaan ding mabuti ang kalusugan ng kapamilya.

(Pakiusap na huwag pumunta sa karatig na prepektura)

- Iwasan ang pagpunta o pagtawid sa karatig na prepektura lalo na sa darating na Golden Week. Para naman sa mga nakatira sa ibang prepektura, iwasan ang pagpasok sa Nagano Prefecture at iwasan ang di-kinakailangang pagbiyahe o paglalakbay. Patuloy na isagawa ang mga safety measures na ito.

2 Para sa mga Negosyante

(Hiling ng patuloy na operasyon sa mga itinalagang pampublikong institusyon)

- Ang mga designadong pampublikong institusyon, lokal na pampublikong institusyon, at iba pang institusyong kailangan upang mapanatili ang takbo ng pamumuhay (kompanya ng gas, koryente, bus, train, supermarket, banko, logistics) ay hinihilingan na ipagpatuloy ang operasyon habang isinasagawa ang safety measures upang hindi mahawa ng sakit.

(Hiling ng lubusang pagkontrol ng pagkalat ng sakit sa mga kompanya)

- Maliban sa mga lugar ng trabaho na nabanggit sa itaas, hinihimok sa mga kompanya na pag-isipan ang mga sumusunod:

• Kung posible, ipatupad ang telework, at himukin ang mga empleyado na pumunta sa trabaho sa magkakaibang oras at bawasan ang bilang ng empleyado sa loob ng kompanya at mga opisina.

Mahigpit na sundin ang infection control at safety measures sa loob ng trabaho tulad ng:

- pananatili ng tamang distansiya sa pagitan ng mga empleyado o pagbawas ng empleyado
- paghuhugas ng kamay nang madalas
- pagsusuot ng mask
- pagbubukas ng mga bintana paminsan-minsan upang maging maayos ang daloy ng hangin

(Hiling ng lubusang pagkontrol ng pagkalat ng sakit sa mga kainan/restaurant at supermarket)

- Panatilihin ang tamang distansiya ng mga mamimili o customer at pag-isipan kung posibleng gawin ang delivery.

Maglagay ng tamang distansiya sa pagitan ng mga customer na pipila sa cashier.

(Pagpapalano ng pagpapatupad ng limit sa paggamit ng iba' t-ibang pasilidad)

- Makikipagpulongan ang prepektura sa pamahalaan at pag-iisipan ang paglalagay ng limit sa paggamit ng iba' t-ibang pasilidad habang pinag-iisipan ang magiging epekto nito sa pamumuhay ng mga residente at sa ekonomiya ng prepektura.

3 Ang mga pinagsisikapan ng prepektura

(Paghiling ng bakasyon sa mga paaralan)

○Hinihiling sa bawat munisipalidad na isarado ang mga paaralan. Ngunit, sa mga pagkakataon na hindi maiiwasan ang pagpunta sa paaralan, siguraduhin ang lubos na pag-iingat na hindi mahawa ng sakit.

(Pagsarado ng mga pasilidad na pag-aari ng prepektura)

○Maliban sa mga pasilidad na ginagamit upang matugunan ang pangangailangan ng mga residente, hinihiling sa mga art gallery, camp site, michi-no-eki, at mga lodging house na pag-isipan ang pagsasara nang pansamantala.

(Pag-iibayo ng sistema ng serbisyo sa mga institusyong medikal)

○Maglagay sa bawat munisipalidad ng istasyon kung saan magiging mas madali ang pagtanggap ng pasyente mula sa unang pag check-up at pagkuha ng specimen at pag-iksamen hanggang sa paggamot ng mga pasyenteng nahawaan ng sakit.

(Reporma o pagpapabuti ng serbisyo sa loob ng prepektura)

○Pagpapatibay ng 「COVID-19 infection task force」 at 「serbisyo para sa seguridad ng buhay at pag-aari ng mga mamamayan ng prepektura」. Ang mga lugar ng trabaho na hindi sakop nito ay hinihilingan na magbawas ng bilang ng mga trabahador.

4 Iba pang Kahilingan

(Hiling para sa tamang pamimili)

○Hindi maaapektuhan ang distribusyon ng kalakal o daloy ng mga produkto kaya huwag mag-panic buying.

(Hiling para sa konsiderasyon ng karapatang pantao)

○Maging mahinahon sa pakikitungo sa mga pasyente na nahawaan ng sakit, sa mga medical staff, at sa mga residenteng nakatira sa lugar na sakop ng state of emergency at siguraduhing walang mang-aabuso sa mga taong nabanggit.